MT. MAKILING TAGALOG TRIBE WATCHMAN COUNCIL OF ELDERS
CUSTOMARY SELF-GOVERNANCE SELF-GOVERNMENT SELF-SOVEREIGNTY
In cooperation with Badjao, Aetas, Dumagat Remontados, Remontados Dumagat, Bisaya, Hiligaynon/Ilonggo

KONSEHO NG BADJAO TRIBE MT. MAKILING WATCHMAN COUNCIL OF ELDERS
Customary Self-Governance, Self-Government, Self-Sovereignty Since Time Immemorial
Barangay San Piro, Balayan, Batangas, Region 4-a; Email konsehobadjaomtmakiling@gmail.com Contact No. 09539330747

13 Disyembre 2024

**BO-I JENNIFER PIA SIBUG-LAS**
Chairperson
National Commission on Indigenous Peoples - Central Office
Sunnymede IT Center, 6th & 7th Floors, 1614 Quezon Ave, Quezon City

Magandang araw po sa inyo.

Kami po ay magalang na nakikipag-ugnayan sa inyong tanggapan upang humiling ng tulong at makipagkolaborasyon kaugnay ng aming layunin na maisulong ang Konseho ng Badjao Tribe Mt. Makiling Watchman Council of Elders. Ang aming Konseho ay itinatag upang tiyakin ang aming karapatan sa sariling pamamahala, pagsasarili, at kasarinlan, na umiiral na mula pa noong unang panahon, para sa ikauunlad ng ekonomiya ng mga Badjao Indigenous Cultural Communities.

Layunin naming ipaglaban ang aming mga karapatan, kabilang ang:

- Karapatan sa pananatili sa aming teritoryo
- Karapatan sa pagmamay-ari ng lupa
- Karapatan sa pagbawi ng reservation land

Sa kasalukuyan, kami po ay nababahala dahil sa banta ng pangangamkam ng lupa ng mga developer tulad ng ALPINA at Asturias Developer. Kami po ay pinagbabantaan na paalisin mula sa aming TIRAHAN NGAYON sa Barangay San Piro, Balayan, Batangas Mangrove/Salvage Zone, at kung hindi kami aalis, kami umano'y babarilin. Ang ganitong sitwasyon ay nagdudulot ng matinding pag-aalala at panganib sa aming komunidad.

Kami po ay opisyal nang kinikilala bilang isang ganap na Konseho na nagtataguyod ng mga karapatan ng Badjao Territories sa pangunguna ng:

- **DATO JONNY ALBANI**, Pangulo ng Konseho
- **DATO NASAHARI DAWI**, Pangalawang Pangulo
- **DANDA JULINA SULLUHA**, Kalihim ng Konseho
- **DANDA PAMELA B. SAYRANI**, Katuwang ng Kalihim ng Konseho
- **DANDA ALSINA LAWHARI**, Tagakolekta ng Konseho
- **DATO ALEX SULU ALBANI**, Ingat-Yaman ng Konseho

Kami po ay taimtim na humihiling sa inyong tulong upang mapigilan ang ganitong mga paglabag at maitaguyod ang aming mga karapatan bilang katutubo. Handa po kaming makipagpulong sa inyong tanggapan upang talakayin ang mga nararapat na hakbang para sa aming proteksyon at kapakanan.

Lubos po ang aming pasasalamat sa inyong pagmamalasakit at suporta.

Lubos na gumagalang,

**DATO JONNY ALBANI**
*Pangulo ng Konseho*
**Konseho ng Badjao Tribe Mt. Makiling Watchman Council of Elders**



CamScanner